



22112052



International Baccalaureate®  
Baccalauréat International  
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A2 – STANDARD LEVEL – PAPER 2**  
**PILIPINO A2 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 2**  
**FILIPINO A2 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 2**

Monday 16 May 2011 (morning)

Lundi 16 mai 2011 (matin)

Lunes 16 de mayo de 2011 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

**INSTRUCTIONS TO CANDIDATES**

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one question.

**INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS**

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un sujet de composition.

**INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS**

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Conteste a una pregunta.

*Sumulat ng sanaysay sa isa sa sumusunod. Ibatay ang sagot sa mga opsyong kultural at/o opsyong panliteratura na pinag-aralan sa klase. Ang reperensiya sa ibang paksa o akdang panliteratura ay pinapayagan pero di dapat maging pangunahing katawan ng sagot.*

### **Wika at Kultura**

1. Si Goethe ay minsang nagwika na “Ang sinumang walang alam ukol sa mga banyagang wika ay wala ring alam ukol sa sarili niyang wika”. Talakayin ang ideyang ito batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.
2. Gaano ang iyong pagsang-ayon na ang bilingguwalismo, o multilingguwalismo, ay makatutulong upang maalis ang mga hadlang na lingguwistiko at kultural sa pagitan ng mga grupong minorya at mayorya? Talakayin batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

### **Medya at Kultura**

3. Paano nakaaambag ang mass media sa pagkakaroon ng pagbabagong kultural (halimbawa, pagkapawi ng *gender bias* o diskriminasyon sa kasarian, pagkakaroon ng matiwasay na ugnayan ng mga grupong mayorya at minorya, pagkapawi ng mga negatibong isteryutipo)? Sa iyong sagot magbigay ng mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa medya at kultura.
4. Ang mass media ay may taglay na kapangyarihan upang hubugin ang ating pag-iisip, sa mabuti man o masamang kahihinatnan. Talakayin ang ideyang ito batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

### **Mga Isyung Panghinaharap**

5. Sa kabila ng pagiging sopistikado ng kasalukuyang siyensiya at teknolohiya, maging ang pinakamayayamang tao sa mundo ay nagkakasakit pa rin at patuloy na magkakasakit sa mga darating pang panahon. Pag-isipan ang pahayag na ito kaugnay ng iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

### **Mga Isyung Pandaigdig**

6. Sa buong daigdig mulat ang mga tao sa labis na masalimuot at sadyang napakalaking mga suliraning pasan ng mundo. Sa iyong palagay, ano ang pinakamabigat na isyu na dapat na pagtuunan at pagtulung-tulungan ng mga bansa ngayon? Sa iyong sagot, magbigay ng mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

### **Mga Isyung Panlipunan**

7. Laging sinasabi ng marami na ang mga problema ng lipunan ay sadyang napakalaki para tugunan ng isang indibidwal lamang. Ayon sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, ipakita kung paanong ang indibidwal ay maaaring makisangkot sa kolektibong paghahanap ng lunas sa mga problema ng lipunan.

### **Mga Tanong Panliteratura**

8. Sa dalawa o higit pang tekstong iyong napag-aralan, ipakita kung paano gumagamit ng ispesipikong teknik o pamamaraan ang isang manunulat upang humugot ng mga partikular na emosyon sa mambabasa.
  9. “Sa mundong ito, may batas para sa mayayaman, at may batas para sa mahihirap.” Talakayin ang kaisipang ito gamit ang dalawa o higit pang tekstong iyong napag-aralan sa opsiyong ito.
  10. Batay sa dalawa o higit pang tekstong iyong napag-aralan sa opsiyong ito, ipakita ang kaisipan na “ang kapalaran ay lagi nating natitisiuran sa daanang tinatahak natin upang ito’y iwasan”.
-